Pormal na Pahayag ng FDIC tungkol sa mga Karapatan ng Depositor (Depositor's Bill of Rights)

Huwag mawalan ni isang sentimo kahit kailan.

Ligtas ba ang lahat ninyong pera? Pumunta sa EDIE The Estimator at alamin ngayon.

Ang EDIE ay isang online tool, simple at madaling gamitin. Sa iilang hakbang, matutulungan kayo ng EDIE na tiyakin na lahat ng pera ninyo sa bangko ay 100% na isineguro ng FDIC. Kung ang inyong pera ay ganap na nakaseguro, hindi kayo mawawalan ni isang sentimo ˜anuman ang mangyari˜ dahil ang inyong mga deposito ay itinataguyod nang may buong tiwala at kredito ng pamahalaan ng Estados Unidos.

May karapatan kayo na:

1. Masakop ng awtomatikong seguro sa deposito kapag nagbukas kayo ng isang deposit account sa isang bangkong isineguro ng FDIC, na walang karagdagang kilos mula sa inyo.
2. Magkaroon ng mga magkakahiwalay na sakop ng seguro ng FDIC para sa mga depositong nasa iba't ibang bangkong isineguro ng FDIC.
3. Tiyakin na ang bangko ay nakaseguro, sa pamamagitan ng paggamit ng Bank Find ng FDIC sa www.FDIC.gov/bankfind o sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa 1-877-ASK-FDIC.
4. Masakop ng seguro ng FDIC na hindi bababa sa $250,000 para sa inyong mga deposito sa isang bangkong isineguro ng FDIC.*
5. Masakop ng seguro para sa mga deposito na higit sa $250,000 sa iisang bangko, kapag ang inyong mga deposito ay nasa iba't-ibang mga katergoriya ng pagmamay-ari, tulad ng mga single, joint at trust account.*
6. Tiyakin na ang inyong mga deposito ay nasa loob ng mga limit o hangganan ng seguro sa pamamagitan ng paggamit ng EDIE The Estimator sa www.FDIC.gov/EDIE o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-ASK-FDIC.
7. Maging talastas kung ang isang produktong pinansiyal na inaalok ng inyong bangko ay hindi sakop ng seguro ng FDIC.
8. Maabot nang mabilis ang inyong nakasegurong deposito kung sakaling magsara ang inyong bangko.
9. Tumanggap ng mga kabahagi mula sa receivership kung kayo ay isang depositor na hindi nakaseguro, ayon sa makakayanan mula sa mga naibentang ari-arian.
10. Matulog nang mahimbing, sapagkat batid ninyo na mula pa noong itinatag ang FDIC may 75 taon na ang nakakaraan, walang sinumang depositor ang nawalan ng ni isang sentimo ng nakasegurong deposito kahit kailan.

Pumunta ngayon sa EDIE sa www.FDIC.gov/EDIE

*Ang karaniwang halaga ng seguro sa deposito na $250,000 bawat depositor, bawat bangkong nakaseguro, ay may bisa hanggang Disyembre 31, 2013. Sa Enero 1, 2014, ang karaniwang halaga ng seguro sa deposito ay babalik sa $100,000 para sa lahat ng mga kategoriya ng account, maliban sa mga partikular na account para sa pagreretiro (kabilang ang mga IRA), na mananatili sa $250,000 bawat depositor, bawat bangkong nakaseguro.

FDIC-017-2010 (Tagalog/Filipino)

Mas ligtas ang inyong pera kung mas marami kayong alam. FDIC

3737-PennyBrochure_Filipino_v3.indd 2 2/22/10 9:55 AM

Manatili sa loob ng mga limit o hangganan ng FDIC at ang inyong mga deposit account ay 100% ligtas at tiwasay.

Pinadadali ito ng EDIE.

Ang EDIE (Electronic Deposit Insurance Estimator) ay madaling hanapin at gamitin. Pumunta lamang sa www.FDIC.gov/EDIE at i-clik ang Use Edie Now button para magsimula. Para hindi magtagal, maghanda ng isang listahan ng inyong mga deposit account sa inyong bangko at ang halagang naipon ninyo sa bawat account. Kung mayroon kayong mga joint account o mga trust account na may mga benepisyaryo, ilista din ang mga pangalang iyon.

Ipasok ang inyong impormasyon sa EDIE. Ligtas iyon. At sa ilang sandali lamang, malalaman ninyo kung lumampas kayo o hindi sa mga limit o hangganang nasasakupan ng FDIC. Kung hindi, itituro kayo ng EDIE sa impormasyong makakatulong sa inyo. Wala ba kayong online access? Para sa tulong, tumawag nang libre sa 1-877-ASK-FDIC.

Mas ligtas ang inyong pera kung mas marami kayong alam tungkol sa seguro ng FDIC.

Sa loob ng higit sa 75 taon, pinangangalagaan na ng FDIC ang perang inilagak ng mga depositor sa mga bangko. At sa buong panahong iyon, walang sinuman ang nawalan ni isang sentimo ng mga nakasegurong deposito kahit kailan.

Pero tulad rin ng anumang uri ng seguro, kailangang maintindihan ninyo kung paano ito isinasagawa at kung paano manatili sa loob ng mga limit o hangganan ng sakop, upang magkaroon ng ganap na proteksiyon. Maraming mga katotohanan tungkol sa seguro ng FDIC na dapat malaman ng bawat depositor. Tinatawag namin ang mga iyon ang Pormal na Pahayag Tungkol sa mga Karapatan ng Depositor (Depositor's Bill of Rights). Nakalista ang mga iyon sa likod ng polyetong ito. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa www.FDIC.gov/EDIE.

The more you know, the safer your money. FDIC

3737-PennyBrochure_Filipino_v3.indd 1 2/22/10 9:54 AM